

# MENSAHE NG DEKANA

## **Makabuluhang mga Hakbang Tungò sa Intelektuwalisasyon ng Filipino: Ang mga Ambag ng Unibersidad ng Santo Tomas, Kolehiyo ng Edukasyon**

Ayon kay Sibayan (1991), ang wika ay may mga dominyo. Isa sa mga ito ay ang dominyong nagkokontrol. Kasama sa dominyong nagkokontrol ang edukasyon na nahahati sa elementarya, sekondarya at kolehiyo. Ayon pa kay Sibayan, ang pangunahing wika na ginagamit sa mga dominyong ito ay ang intelektuwalisadong wika. Ang Unibersidad ng Santo Tomas (UST), bilang isang institusyon ng lalong mataas na edukasyon, ay inaasahang maglalaan ng panahon at kakayahan sa pagsusulong ng intelektuwalisadong wika, lalo na ng wikang Filipino.

May mga simulain sa UST na nagpapamalas ng malalim na interes sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Ito ay ang mga sumusunod:

- May malalim na ugnayan ang UST sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang malalim na ugnayang ito ay nakapaloob sa isang *Memorandum of Understanding* (MOU). Sa loob ng nakaraang tatlong taon, ang KWF at UST ay magkatulong na nagdaraos ng mga panayam at seminar para sa mga guro ng Filipino sa loob at labas ng UST. Isa mga proyektong ito ay ang pagsasanay sa larang ng pagsasalin na dinaluhan ng mga guro sa Filipino at maging ng mga nagtuturo ng ibang asignatura. Ginanap ito sa loob ng 10 Sabado mula Agosto hanggang Disyembre 2018. Mula sa pagsasanay na ito ay nahirang ng KWF na mga sertipikadong tagasalin ang 5 sa mga guro ng UST.
- Ang pagkakatatag ng Sentro sa Salin at Araling Salin na bunga rin ng MOU ng KWF at UST. Ang Sentro ay nakapagdaos na ng mga akademikong pagtitipon, ang Saliksik at Salin 2019 at ang Hasaan: Ikapitong Pambansang Kumperensiya sa Filipino at Unang Kongreso ng mga Tagasalin 2019. Bukod dito ay napili rin ng World Health Organization (WHO) ang Sentro sa Salin bilang tagasalin ng WHO QualityRights Initiative mula Ingles tungòng Filipino. Ang WHO QualityRights ay isang pandaigdigang inisyatibang naglalayong mapabuti ang akses sa mga de-kalidad na serbisyo para sa kalusugang mental at sosyal at isulong ang mga karapatan ng mga táong may kondisyon sa kanilang kalusugang mental o may kapansanang sikososyal, intelektuwal o kognitibo. Ang Sentro ay magkakaroon din ng mga *fellow* mula sa mga sertipikadong tagasalin ng KWF. Sila ay magsasalin ng mga importanteng sulatín sa Pilosopiya at Teolohiya bilang isa sa mga pangunahing proyekto.

- Pangangasiwa ng Departamento ng Filipino ng mga interdisiplinaryong kumperensiya tulad ng Pambansang Kumperensiyang Pang-agham noong 2018 at 2019. Ang mga kumperensiyang ito ay bunga ng pakikipag-ugnayan ng Departamento sa Research Center for the Natural and Applied Sciences (RCNAS) at Kolehiyo ng Agham na naglayong magamit ang wikang Filipino sa paglikha at pagpapaunawa ng mga kaalaman sa agham. Nagdaos din ang Departamento ng Libreng Seminar-Workshop sa Pagtuturo ng Filipino at Pananaliksik sa Filipino sa mga guro mula sa mga pribado at pampublikong paaralan. Ang mga dumalo ay nabigayn ng 15 CDP points mula sa Professional Regulations Commission.
- Pagkakaroon ng 6 na yunit ng Filipino sa *General Education Curriculum* (GEC) bilang pagkilala sa mahalagang papel ng wikang Filipino sa diskurso at pananaliksik. Ang dalawang kursong ito ay ang Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino (FIL 1) at ang Panimulang Pagsasalin (FIL 2). Maingat na binuo ng Departamento ang plano ng nasabing mga kurso salig sa mga *learning outcome* ng mga programa at ng institusyon. Nagbigay rin ng pagsasanay sa mga guro sa epektibong pagtuturo ng nasabing mga kurso.
- Pagkakaroon ng espesyalisasyon sa Filipino sa programang *Bachelor of Secondary Education* (BSEd). Bagama't maliit na populasyon lámang ng mga mag-aaral ang pumipili ng Filipino para sa kanilang pagpapakadalubhasa, ito ay hindi dahilan upang tanggalin ang nasabing espesyalisasyon sa programa ng BSEd. Patúloy itong tinatangkilik at binibigyan ng buong suporta ng Kolehiyo.
- Mga simulain tungò sa internasyonalisasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga unibersidad sa labas ng bansa na may programa para sa pagtuturo ng Filipino sa kanilang kurikulum. May binubuong MOU ang UST Kolehiyo ng Edukasyon sa University of Hawaii in Hilo para sa isang pambansang kumperensiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika sa 2021 at para sa isang pandaigdigang kumperensiya sa mga araling multidisiplinaryo sa Filipino sa 2022. Inaasahan din ang palítan ng mga guro at mag-aaral sa pagitan ng dalawang institusyon.
- Ang paglalathala ng Hasaan Journal na maituturing na unang malaking hakbang ng UST tungò sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Ang mga Lupon ng Tagapayo ng journal ay binubuo ng mga eksperto sa wikang Filipino mula sa iba't ibang unibersidad sa loob at labas ng bansa.

Totoong malayo pa ang lalakbayin ng mga nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng Filipino sapagkat marami pa rin ang naniniwala na ang tunay na sukatán ng maunlad na bansa at globalisadong kaisipan ay ang mahusay na paggamit ng wikang Ingles. Marami pa rin ang asiwa sa kaisipang ang wikang Filipino ay maaaring gamiting mabisang daluyan ng mga kaalaman sa iba't ibang larang. Sa kabilang banda, mayroon din namang magandang balita. May mga simulain at hakbangin sa antas ng KWF at ng iba't ibang unibersidad na naglalayong paigtingin ang paggamit ng Filipino sa pananaliksik, sa mga diskurso, at sa malalayang talakayan sa linya ng Agham, Pilosopiya, Etika, Teolohiya, atbp. Ang mga simulaing ito ang unti-unting magbabaklas sa elitismo sa edukasyon at bubuwag sa tatak ng ating mga mananakop, lalo na ang mga Amerikano, na malalim na nakaukit sa ating mga institusyon, sa ating isip, at pananaw sa daigdig (Constantino, 2015).

Ang muling paglalathala ng Hasaan Journal, pati na ang mga piling artikulong nakapaloob dito ay patunay na may magandang hinaharap ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa ating bansa.

Pagbati sa mga iskolar na nagbahagi ng kanilang mga saliksik, sa mga ekspertong nagsuri ng mga pag-aaral, sa lupong tagapayo at sa lupong patnugutan ng Hasaan Journal. Mabuhay kayo!

**Assoc. Prof. Pilar I. Romero, LPT, PhD**  
**Dekana, Kolehiyo ng Edukasyon**  
**Unibersidad ng Santo Tomas**

## **BIBLIYOGRAPIYA**

Constantino, Renato. "Intelektuwalismo at Wika." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, No.1, 2015, 8-12.

Sibayan, Bonifacio. "The intellectualization of Filipino." *International Journal of the Sociology of Language*. No. 88,1991, 69-82.